




FACT SHEET: Mga Highway

US 101/Proyekto ng Pagpapabuti sa Zanker Road

Pangkalahatang Ideya ng Proyekto

Ang Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA), sa pakikipagtulungan sa Lunsod ng San Jose at California Department of Transportation (Caltrans), ay nagmungkahi na pagbutihin ang mga operasyon at kaligtasan sa trapiko, at pagandahin ang access para sa mga naglalakad at nagbibisikleta sa lugar ng proyekto gaya ng makikita sa project location map. Susuportahan ng proyekto ang San Jose General Plan at North San Jose Area Development Policy sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga pagpapabuti sa kahabaan ng US 101, Zanker Road, Skyport Drive at 4th Street between the US 101/1st Street at US 101/I-880 interchanges sa Lunsod ng San Jose.

Mapa ng Lokasyon ng Proyekto



Mga Layunin ng Proyekto

- Pagandahin ang network ng transportasyon sa loob ng hangganan ng lugar ng proyekto para mabigyang-daan ang nakaplanong paglago na inaasahan sa ilalim ng na-adopt na Envision San Jose 2040 General Plan.
- Pasulungin ang mga pasilidad ng pedestriyan at bisikleta sa lugar ng proyekto.
- Pagbutihin ang pangkaligtasan at mga operasyon ng trapiko sa mga rampang pag-pasok at pag-labas at sa mainline ng US 101 sa loob ng hangganan ng proyekto.
- Pabutihin ang pagparoon/pagparito sa Mineta San Jose International Airport.

Mga Katangian ng Proyekto

Iminumungkahi ng Proyekto na bigyang-pansin ng proyekto ang mga layunin sa tatlong pangunahing paraan:

- Magtayo ng tulay sa ibabaw ng US 101 na magkukunekta sa Zanker Road sa kanluran at ang 4th Street at Skyport Drive sa timog.
- Palitan ang kasalukuyang wala sa pamantayang mga rampa sa pahilagang US 101 at Old Bayshore Highway at Brokaw Road na may mga bagong rampa sa Bering Drive na makakatugon sa kasalukuyang mga pamantayan sa disenyo.
- Samahan ng mga pasilidad para sa bisikleta at pedestriyan ang disenyo ng proyekto.

Iskedyul ng Proyekto

Mga Alternatibong Pag-analisa/ Preliminary Engineering	Taginit 2016 – Taglamig 2020 (nakompleto na)
Pahintulot na Pangkapaligiran	Tagsibol 2021 – Tagsibol 2023
Makukompleto ang Disenyo*	Tagsibol 2023 – Taglamig 2025
Konstruksyon ng Proyekto*	Taglamig 2025 – Taginit 2028

Gastos sa Proyekto

Tinatayang mga \$240 milyon ang kabuuang magagastos sa proyekto na nasa panghuling pagpapasya sa mga pagpapasulong.

Mga Kapartner sa Proyekto



Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

VTA's Community Outreach
 (408) 321-7575
 (408) 321-2330 TTY
www.vta.org
community.outreach@vta.org

* Hindi pa alam kung saan manggaling ang buong pondo para sa bahagi ng proyektong ito. Maaaring magdisenyo at magtayo sa bahagi ng pangkalahatang proyekto depende sa magiging pondo. Para sa pinakabagong iskedyul, bisitahin ang website ng proyekto: www.vta.org/101zanker